

Pangalawang Kaso ng COVID-19

Kasunod ng pagkakatanggap ng mga resulta ng pagsusuri mula sa UK noong Biyernes, ika-3 ng Abril na kumumpirma sa kaso ng COVID-19 mula sa isang pasyente na nasa isolation ngayon sa King Edward VII Memorial Hospital sa Stanley, karagdagang mga resulta ng pagsusuri ang natanggap noong ika-4 ng Abril na nagpakita ng pangalawang positibong kaso.

Ang indibidwal na ito ay nasa Mount Pleasant complex at matagal nang naninirahan doon. Kamakailan lamang ay inilagay ang indibidwal na ito doon sa isolation bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos para sa pagharap sa mga posibleng kaso.

Ang Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards ay nakipag-ugnay sa mga opisyal sa BFSI para matiyak ang lahat ng kinakailangang pag-iingat sa isolation ay mapanatili. Ang kumpirmadong kaso na nasa ospital at kasalukuyang walang ventilator ay nananatiling nasa isolation at nasa maayos na kalagayan.

Sinabi ni Dr Edwards na walang kinakailangang pagbabago sa umiiral na patnubay para sa publiko, at nag-abiso na ang nai-publish na payo sa paghuhugas ng kamay, self-isolation, at social distancing ay dapat na ipagpatuloy at sundin at kanyang pinasasalamatan ang publiko sa kanilang kooperasyon.

Mula kahapon, 137 na sample ang nakuha at natanggap natin ang 116 na resulta. 114 ay lumabas na negatibo at dalawa (2) ang naging positibo. Ang isa ay hindi dumaan sa pagsusuri tulad ng mula sa isa sa mga pasyente na meron nang positibong resulta. Ang nalalabing bente (20) ay papunta na sa UK sa South Atlantic Airbridge.